

LOS ANGELES UNIFIED SCHOOL DISTRICT KOMISYON NG MULING PAGDI-DISTRITO

www.redistricting2011.lacity.org

200 N. Spring Street, Room 285, Los Angeles, CA 90012

Email ng mga Puna o Mapa:

Mga Katanungang Madalas Itanong

➤ **Ano ang muling pagdi-distrito at bakit ito mahalaga?**

Tuwing 10 taon, ang mga hangganan ng Los Angeles Unified School District (LAUSD) ay muling iginuguhit upang isaalang-alang ang para sa mga pagbabago sa populasyon. Ang Komisyon ay gumagawa ng mga rekomendasyon sa Konseho ng Lungsod sa pagpapatibay ng isang muling pagdi-distritong plano na naglalagay ng mga hangganan para sa mga Miyembro ng Lupon ng LAUSD. Kung paano at saan iginuguhit ang mga distrito ay maaaring humubog sa kakayahan ng mga komunidad na ihalal ang mga kinatawag kanilang pili. Ang mga distrito ay kailangang kasing pantay sa populasyon hangga't maaari at maisasagawa upang ang mga komunidad ay may pantay na karapatan sa paggamit sa politikong kinatawan.

➤ **Bakit nais ng Komisyon na makarinig mula sa publiko?**

Ang pagpapahayag tungkol sa inyong komunidad ay mahalaga upang masigurong ang mga linya ay iginuguhit upang mapanatiling buo ang inyong komunidad at pinangkat kasama ng mga malapit na komunidad na may kaparehong interes. Ito ay nagsisiguro na ang inyong boses ay naririnig ng inyong mga inihalal na mga pinuno sa mga nasabing desisyon tulad ng kalidad ng eskuwela ng inyong anak o gaano kataas ang inyong buwis.

➤ **Ano ang isang “Komunidad ng Interes”?**

Ang isang Komunidad ng Interes (Community of Interest /COI) ay isang populasyong magkakabit sa heyograpiya na may paghahati ng panlahatang sosyal at ekonomikong interes. Ang mga halimbawa ng ganitong pinaghahatiang interes ay mga:

- Iyong mga panglahatang lugar tulad ng lungsod, bukid, industriya, o sakahan; ganun din ang heyograpiya tulad ng mga ilog, bundok, baybaying dagat, malayo sa dagat, tubig-daluyan, atbp.
- Iyong mga panlahatang lugar na kung saan ang mga tao ay mayroong kaparehong mga pamantayan ng pamumuhay, gumagamit ng parehong mga gamit ng transportasyon, may parehong mga trabahong pagkakataon, o makakakuha ng parehong paraan ng Komunikasyon na mahalaga sa pamamaraan ng eleksiyon; ganun din sa mga pinaghahatiang panlahatang mga layunin.

➤ **Makikita ba ng publiko kung saan iginuguhit ang mga linya?**

Oo, ang lahat ng mga pulong ng Komisyon ay bukas sa publiko at inirekord sa video (kung posible). Kasama ng mga kopya at koleksiyon ng mga video, ito ay magbibigay ng hindi mapapantayang katapatan sa publiko sa pamamaraan ng muling pagdi-distrito. Ang plano ng mga mapa ng mga panukalang distrito ay mailalagay sa websayt ng Komisyon sa Pebrero.

➤ **Paano ibibigay ang publikong testimony at paano gagamitin ang mga puna sa pagguguhit ng linya?**

Sa isang pulong ng Komisyon, ang bawat tao ay bibigyan ng hanggang 2 minuto na magsalita tungkol sa kanilang komunidad. Ito ay inirekomenda na isaalang-alang ng publiko ang pagsali ng mga sagot sa mga tanong na nakalista sa ibaba sa pagsisikap na tulungan ang Komisyon na maunawaan ang bawat Komunidad ng Interes. Kasama ng impormasyon sa sensus, ang mga ibinigay na publikong puna ay gagamitin upang matulungan ang Komisyon kapag nag-umpisa itong magguhit ng mga hangganan. Ang pokus ng publikong testimonyo ay upang tumanggap ng impormasyon tungkol sa kakaibang mga katangian ng mga Komunidad ng Interes mula sa ibang mas pangkaraniwan sa kanilang paligid.

Kalapit/zipcode kung saan ka nakatira: _____

Mga Kalsada/hangganan na nagbibigay kahulugan sa komunidad _____

Malalaking hangganan ng heyograpiya/mga taglay (haywey, palaruan, lawa, bundok)

Wika na sinasalita sa inyong Komunidad _____

Pinakamaraming lahi/etnikong grupo sa inyong komunidad _____

Mga Alalahanin/Puna tungkol sa kasalukuyang mga hangganan ng inyong LAUSD Lupon ng Miyembrong Distrito? _____